

Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa /

Society and Literature: Locating Filipinism in Developing National Literature

Ian Mark P. Nibalvos
University of Sto. Tomas, Philippines
inibalvos@gmail.com

Malaki ang pagbabagong hatid ng kolonyalismo sa ating sining lalo na ang panitikan na bunsod ng pagbabagong-bihis ng lipunang Pilipino. Kabilang sa mga kalinangang bayang pilit ipinalimot ay ang mayamang panitikan ng mga katutubo. Nawala ang mga kuwentong-bayan, mga kaalamang-bayan, awiting-bayan at ilan pang mga anyo ng pabigkas na panitikan ng ating mga ninuno. Nagkaroon din ng pagkakahati sa panitikan dahil sa pamantayan at anyo ng pagsulat na ipinakilala ng mga dayuhang mananakop. Ang pagkakahating ito, na ipinanunukala sa papel na ito ay tatawaging Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan., ang Panitikang *Elite* vs. ang Panitikang Masa. Nabibilang sa Panitikang *Elite* ang mga kilalang awtor na bumubuo sa tinatawag nilang “Pambansang Panitikan”, mga akdang nalathala sa malalaking palimbagan, nasusulat sa wikang Espanyol o Ingles, at nakabatay o dulot ng kaisipang kolonyal, at pasulat na paraan ng panitikan. Sa kabilang banda, nabibilang naman sa Panitikang Masa ang mga manunulat ng mga rehiyonal na akda, mga akdang bernakular na nalathala sa mga magasin lamang, mga akdang pamana ng mga sinaunang Pilipino, at panitikang pabigkas ang paraan. Sa panahong ito ng teknolohiya at edukasyong maka-global, mahalagang balikan natin ang mga ugat ng ating pagka-Pilipino tulad ng ating mga sinaunang panitikan at mga panitikan sa rehiyon sapagkat ang mga kaisipang nagmumula sa mga ito ay magbibigay sa atin ng pag-unawa kung sino tayo bilang mga Pilipino. Naghahain ang ating mga akda, lalo na ang mga akdang nasa uring pangmasa ng pinakamalinaw na salamin kung sino tayo bilang mga tao, inilalahad nito ang pinakamalalim na diwa nating mga Pilipino. Kung gayon, kailangan nating basahin o pakinggan ang sinasabi ng mga akdang itong mag-uugat o nag-uugat sa ating Kapilipinohan bilang isang mahalagang sangkap sa pagbubuo ng isang Pambansang Panitikan

Mga Susing Salita: Pantayong Pananaw, Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan, *Siday*, Panitikang *Elite*, Panitikang Pangmasa

Colonialism largely transformed our art especially our literature which was brought about by the changes in the society. Among the things that have been forcibly banished from the thoughts of the natives is their rich literature. The folktales, folklore, songs, and other forms of oral literature were lost. Separation in the field of literature also emerged due to the standard and form of writing set and introduced by foreign invaders. This division, proposed in this paper, is called, The Great Literary Divide, the Elite Literature vs. the Mass Literature. Elite Literature comprises well-known authors, literary works and publications in large print, articles written in Spanish or English, articles based on colonial thought, and author, which constitute what they call the "National Literature." On the other hand, Mass Literature includes literary works and articles published only in magazines, oral literature, literary works of ancient Filipinos, and regional writers. In this age of technology and education that leans towards being global, it is important for us to revisit the roots of our Filipino identity like ancient and regional literature, because the ideas that come from it will give us an understanding of who we are as Filipinos. Our writings, especially the works in the Mass Literature are the clearest mirror of who we are as a people. It serves to convey the deepest essence of our Filipino identity. Therefore, we need to read or listen to what these articles say that will help trace back our past cultural heritage as an essential component in developing a National Literature.

Keywords: *Pantayong Pananaw, The Great Literary Divide, Siday, Elite Literature, Mass Literature*

PANIMULA

Malaki ang ginagampanan ng lipunan sa pagbuo ng mga kaisipang nagagamit sa paglikha ng mga sining kabilang ang iba't ibang anyo ng panitikan gaya ng tula, maikling kuwento, nobela, dula, at iba pa. Malaki rin ang tungkuling nagagawa ng panitikan sa paghubog ng isang lipunan lalo na sa kaniyang mga mamamayan. Sa madaling salita, magkaugnay ang dalawang konseptong ito na mahalagang sangkap sa paghulma sa pagkakakilanlan o identidad ng mga tao sa isang lugar. Mahalagang sangkap ito upang maugat natin ang tunay nating pagkatao at maarok ang ating pagka-Pilipino o ang Kapilipinohan. Wika nga nina Sebastian at Nicasio (3; nabanggit sa Perez-Semorlan, et al. 58), "Sabihin mo sa akin ang panitikan ng isang bayan at sasabihin ko sa iyo ang uri ng mga tao ng bayang ito." Tunay nga na ang panitikan ay isang malinaw na salamin, larawan, repleksiyon o representasyon ng buhay, karanasan, lipunan, at kasaysayan. Sinasang-ayunan din ito ni Lumbera (141), dahil ayon sa kaniya ang timbang ng isang akda ay bunga hindi lamang ng kasiningan kundi lalo't higit ng kaugnayan nito sa kulturang pinapaksa.

Tagapagtala rin ang panitikan sa kasaysayan ng isang lipunan. Mahihiwatigan natin sa mga akda ang nagaganap sa isang lugar tulad ng kanilang pakikipag-unayan sa isa't isa at sa mga tagalabas o mga dayuhan, ang kanilang kaugalian o mga tradisyong isinasagawa, at ang kanilang paniniwala at pananampalataya. Sa pamamagitan ng kanilang panitikan, naipahahayag nila ang kanilang saloobin tungkol sa kalupitang

dinanas sa mga mananakop; naisasalaysay nila ang kanilang tagumpay sa pakikipaglaban at kabiguan sa pagkamit ng kalayaan; at naibabahagi nila ang kanilang mga hangarin para sa sarili, sa kapuwa, at sa bayan. Binigyang-diin ni Lumbera (x) ang ugnayan ng lipunan, panitikan, at kasaysayan sa introduksiyon ng kaniyang aklat na "Suri: Pag-arok sa Likhang Panitik/ *Probing the Literary Text*":

Ang kasaysayang pinagdaanan ng lipunang kinapapalooban ng mga pangyayari sa naratibo ng akda ay pangunahing salik sa pagsusuri ng nobela, tula, at dula sapagkat hinuhubog ng kasaysayan ang mga tauhan at pangyayaring pumapasok sa akda. Ang lipunan ay nagsisilbing tanghalan ng mga kaugalian, halagahan, at mithiing binuhay ng mga taong naharap sa mga sigalot na dulot ng mga pangyayari at ng mga suliraning sa pana-panahon ay dinaranas ng isang lipunan.

Ang panitikan at kasaysayan ng isang lipunan ay kapuwa tagapag-ulat ng daloy ng buhay (Perez-Semorlan, et al. 11). Tulad halimbawa ng mga nobelang isinulat ni Dr. Jose Rizal, ang *Noli Me Tangere* at *El Fiibusterismo*, na parehong nagsisiwalat sa kalagayan ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Kastila. Dito niya inilahad ang pagmamalupit ng mga mananakop sa mga kababaihan at kabataan tulad nina Sisa, Crispin, at Basilio; kung paano minaliit ng mga puti at angat sa lipunan tulad nina Donya Victorina, Donya Consolacion, at mga prayle, ang mga Indio o mga

Pilipino; at kung paano hinamak ng kaniyang mga pangarap at pag-ibig si Crisostomo Ibarra. Sila ay mga salamin ng mga Pilipino sa panahong isinulat ang akda, at ang kanilang kalagayan ay larawan din ng lipunan sa panahong iyon.

Napakahalagang mabuklat natin ang mga pahina ng mga naitalang likhang-sining ng mga Pilipino mula noon hanggang ngayon sapagkat isa ito sa mga makapagpapatunay sa ating mayamang nakalipas. Ito ang makapag-uugat sa atin sa tunay nating pinagmulan. Ayon kina Perez-Semorlan, et al. (82), ang nakaraan ng isang bansa ay bahagi ng kaniyang kasaysayan na dapat lingunin sapagkat iyon ay nagsisilbing salamin ng tunay na katauhan ng mga mamamayan nito. Ang panitikang ito, ang Panitikang Pilipino, ay nagsisilbing pambansang pamana na umuukit sa ating pagkakakilanlan o identidad. Pagdidiin ni Lumbea (12), ang alin mang paksain, kahit ang pinakapersonal, ay hango sa pakikipag-uugnayan ng manlilikha sa mundo. Kaya ito ang dahilan kung bakit naisasaad nang walang pasubali na ang “dating” ng akdang Pilipino ay espesipiko sa ating lipunan, at ang estetikang nagtatakda ng mga pamantayan ay laging nakaugat sa konteksto ng lipunang Pilipino. Pagpapatibay pa sa kaniyang sinabi, sa paglikha ng isang manunulat sa kaniyang akda, laging nakamarka sa kaniya ang kultura at kasaysayan ng isang partikular na lipunan at panahon. Ang isang manunulat ay hinuhubog ng kaniyang kultura at panahon, at kasama sa mga nagbibigay sa kaniya ng galing ay ang mga pagpapahalaga, paniniwala, hilig, at tradisyon ng lipunang kaniyang kinabibilangan. Madaling angkinin na ang mga akdang isinulat ng mga Pilipino, ay matatawag nating Panitikang Pilipino.

Ayon kina Perez-Semorlan, et al. (58), kailangang malaman ng bawat Pilipino ang panitikan ng kaniyang bansa dahil dito niya makikilala at masusuri ang kaniyang pagkatao at sariling pagkakakilanlan. Inilatag nila ang ilang dahilan kung bakit mahalagang pag-aralan ang Panitikang Pilipino: (a.) malaman ang sariling kultura ng mga Pilipino, pati ang kanilang kasaysayan, at makilala rin ang mga luwalhati ng kanilang lahi tulad ng mga bayani; (b.) mapag-aralan at makilala ng mga mamamayan ang kanilang sarili at maunawaan din nila ang katangian ng pagkatao ng iba pang mga Pilipino; (c.) makilala ang kahusayan at kagalingang pampanitikan upang lalo itong mapaganda, mapaunlad, mapadalisay, at mapayabong; (d.) makita at mabatid ang malaking kahalagahan at papel na ginagampanan

ng wikang Filipino bilang midyum at behikulo sa pagpapahayag at pagsasalarawan ng saloobin, mga pangarap, layunin, adhikain, paniniwala, pag-uugali, mga karanasan, at mga gawain sa pang-araw-araw na buhay. Ang unang dalawang dahilan ay tumutuon sa pagkilala sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng panitikan, partikular sa panahong pinagmulan ng ating lahi o wala pa ang mga dayuhang mananakop sa ating lupain.

Sisikapin sa papel na ito na pangibabawin ang panitikan ng sinaunang Pilipino bilang Panitikang Pilipinong batayan ng ating pagka-Pilipino o Kapilipinohan. Pinag-uugnay rin dito ang lipunan at panitikan upang masuri ang mga pagbabagong idinulot ng kolonyalismo sa lipunan na sanhi ng pagbabagong-bihis ng ating panitikan. Sa huli, bubuo tayo ng ilang mungkahing dapat gawin, upang mapangalagaan ang mga likhang-sining na ito at nang muling maiangat ang dakilang pamana ng ating mga ninuno, ang Panitikang Pilipino, ang ating Literaturang Pambansa.

Ang Lipunan at Panitikan sa Sinaunang Pamayanang Pilipino

Sinasabi ng maraming manunulat at historyador na unang sumulat ng ating kasaysayan, na ang mga Pilipino ay mayroon nang sariling panitikan bago pa man dumating ang mga Espanyol sa kapuluan. Subalit, hindi ito naitala o naisulat ng mga sinaunang Pilipino kahit na mayroon na rin silang sariling sistema ng pagsulat. Nangibabaw ang pabigkas na anyo ng panitikan na nagsisilbing libangan ng mga sinaunang Pilipino o kaya naman ay inaawit o binibigkas sa tuwing mayroon silang pagtitipon o kasiyahan. Isinasaad sa *Boxer Codex*, na isang dokumentong hindi pa matukoy kung sino ang sumulat at nakuha lamang ni Propesor Charles R. Boxer mula sa isang subastahan sa *Lord Ilchester's library, Holland House* noong taong 1947 (*The Lily Library Digital Collection*), na nagsusulat lamang ang mga Pilipino sa tuwing magpapadala ng liham o mensahe. Sa Literaturang Bisaya halimbawa, ilan lamang ang nanatiling buhay hanggang sa kasalukuyan tulad ng mga epiko, mito, at awiting-bayan. Hindi ginamit ng mga Pilipino ang kanilang alpabeto para sa paglikha ng mga akdang pampanitikan at hindi rin nairekord ng ilang prayleng manunulat/historyador ang mga panitikang pabigkas o binibigkas (Scott, 104).

Isa sa mga nadiskubrenng anyo ng panitikan ng mga misyonerong Espanyol ay ang mito sa mga Isla ng Bisayas. Ito ay naisalaysay sa mahigit isang dokumento (Scott, 86), kabilang na ang *Boxer Codex*. Ito ay isang kuwento tungkol sa pinagmulan ng daigdig at ng sangkatauhan. Nagbubukas ang mitong ito sa kalagayan ng lipunan sa sinaunang panahon tulad ng pagkakahati sa tatlong uring panlipunan ng mga katutubo: ang datu, timawa, at oripon o alipin (Morga 278; Scott 86). Batay sa “*Looking for the Prehispanic Filipinos and Other Essays in Philippine History*” na isinulat ni William Henry Scott (86) at inilathala noong taong 1992, ang “datu” ay katawagang ginamit para sa uring panlipunan at sa politikal na katungkulan ng isang tao. Ito ay katungkulang namamana at kailangang pakaingatan upang mapanatili ang dangal ng isang angkan. Isa itong katungkulang pinanghahawakan upang pamunuan ang isang hukbo ng mga mandirigmang nagtatanggol sa kapakanan ng kanilang pinuno.

Ang mga datung ito ay siya ring tinutukoy ni Antonio de Morga sa kaniyang *Sucecos Las Islas Filipinas* na inilathala noong taong 1609, na mga principalia o taong nabibilang sa mataas na antas ng uring panlipunan (275). Bilang mga pinuno, tinutulungan nila ang kanilang mga nasasakop sa kanilang mga suliranin at pangangailangan, kaya naman nakukuha nila ang paggalang at mataas na pagtingin ng mga tao (Morga 275).

Ang mga naglilingkod sa datu ay tinatawag namang timawa. Sila, ayon kay Nancy Kimuell-Gabriel sa kaniyang papel na *Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino* na inilathala noong taong 1999, ay nasa gitnang bahagi ng pagkakahati sa estado ng mga tao sa lipunan (2). Hindi lamang sila alalay o alabay kundi katuwang din ng datu sa pakikipagdigma. Sila rin ang tumitikim muna ng alak upang malaman kung may lason ito bago inumin ng datu. Sa mga Tagalog, ayon kay Scott (93), ang ikalawang antas ng panlipunang estado ay nahahati sa dalawa: ang timawa at maharlika. Ang timawa ay nagsisilbi sa pamamagitan ng pagsasaka at pangingsda. Ang maharlika naman ang namamahala sa mga serbisyong militar na pandagat. Ang kaibhan nila sa mga timawa ay ang kanilang tungkuling magbayad ng tributo.

Paglililaw ni Kimuell-Gabriel (4), ang timawa at maharlika ay nabibilang sa isang saray lamang, maharlika ang tawag sa malalayang tao sa pamayanang Tagalog samantalang timawa naman sa ibang bahagi ng

kapuluan. Sa kaniyang paglalahat, sinabi niyang ang timawa ay isang uring panlipunan na napagigitnaan ng maginoo at ng alipin at hindi sila nagbabayad ng buwis. Katuwang sila ng datu sa gawaing pangangalakal at pangangayaw, at kabahagi rin sila sa mga nasamsam na ari-arian mula sa kanilang pangangayaw. Ito ang nagbibigay sa kaniya o sa kanila ng magandang kabuhayahan na sukatan ng kanilang kalayaan. Kaya naman, binibigyang-kahulugan ang salitang timawa sa ilang diksiyonaryo bilang salitang tumutukoy sa “pagiging malaya” (Kimuell-Gabriel, 11).

Ang ikatlong uri naman ay ang tinatawag na oripon o alipin, ang pinakamababang uring panlipunan (Scott 93). Ayon kay Scott (87), ang mga taong nabibilang sa estadong ito ay hindi maaaring makapag-asawa ng mga datu at may tungkuling pagsilbihan ang kanilang panginoon (datu) at ang katuwang nito (timawa). Kadalasan, ang serbisyong kanilang ibinibigay ay pagsasaka. Nabanggit naman ni Morga (278), na may mga uri ng alipin. Ang una ay ang tinatawag na “saguiguiles” (sagigilid), na mga aliping naglilingkod sa loob ng bahay o tahanan. May iba namang may sariling bahay at pumupunta na lamang sa bahay sa pana-panahon upang tumulong sa pagsasaka at pagsama sa paglalayag. Samantala, “namamahayes” (namamahay) naman ang mga aliping tumutulong sa paggawa ng tirahan ng kaniyang datu at naglilingkod bilang katulong tuwing mayroon itong bisita at sa tuwing kinakailangan ang kaniyang serbisyo. Batay naman kay Plasencia (sa Kimuell-Gabriel, 6), ang aliping namamahay ay hindi alipin kundi isang karaniwang tao, may asawa o pamilya, may sariling lupa at tirahan, ari-arian, at pati na ginto. Kabilang sa kaniyang paglilingkod sa datu ang pagbibigay ng pinagkasunduang hatian ng ani ng lupaing sinasaka. Maaaring makawala sa pagiging timawa ang isang alipin sakaling ito ay matubos mula sa pagkakautang o sa anomang dahilan ng pagkaalipin nito gaya ng pagkakasangkot sa mga kasong kriminal (pagnanakaw, pagpatay, at pagtataksil) at pagiging bihag sa digmaan.

Ang mito ng mga Bisaya ay nagbibigay rin ng kaalaman tungkol sa pananampalataya ng mga tao sa sinaunang lipunan. Nababanggit dito ang paniniwala nila kay Maguayen at Malaon, ang paghingi ng payo sa isda, ibon, at kay Linuc (nangangahulugang “linog” sa Samar-Leyte batay sa Diccionario ni Encarnacion; nabanggit sa *Boxer Codex*) (400). Ito rin ang obserbasyong isinasaad sa *Boxer Codex*, ang paniniwala ng mga sinaunang tao sa probinsiya ng

Cagayan sa ibon na pinangalanan nilang “bantay” (393-394). Kapag narinig nila ang ibong itong kumakanta sa kaliwang bahagi ng ilog, tanda iyon na kailangan nilang bumalik o umatras sa kanilang paglalakbay sa paniniwalang nahaharap sila sa isang panganib. Iba rin ang senyales na hatid ng isang tagak o kanduro. Kapag nagmula ang ibong ito sa kanang bahagi ng kanilang dinaraan o kapag humapon ito sa kaliwang bahagi ng daan, masaya nilang maipagpapatuloy ang kanilang paglalakbay lalo na kapag sila ay patungo sa isang digmaan dahil iyon ay palatandaan ng kanilang pagtatagumpay.

Ang mga Tagalog naman, na tinawag na Moro sa *Boxer Codex* (420), ay naniniwala sa mga Diyos na itinuturing nilang likha ng kanilang mga ninuno. Sinasamba nila si “Lakanbaco” (Lakan-bakod), ang Diyos ng mga prutas sa daigdig (ayon kay Reyes sa kaniyang *Antigua Religion*, nabanggit ni Rizal sa kaniyang anotasyon sa aklat ni Morga 291) at kay “Lakanpati” (Lakan-pati, isang idolo ng mga Tagalog ayon kina Noceda at San Lucar, nabanggit ni Rizal sa kaniyang anotasyon sa aklat ni Morga 291). Ito ang kanilang pinag-aalayan ng sakripisyo para sa pagkain at mga salita, hinihingan ng tubig para sa kanilang mga palayan, at sa pangingisda para sa masaganang huli. Ang iba naman, ayon kay Morga (291) ay naniniwala sa isang ibong kulay dilaw at naninirahan sa kabundukan na tinatawag nilang “Batata.” Isang malaking ibong kulay asul naman ang sinasamba ng mga Tagalog na tinatawag nilang “Bathala” (Chirino 298).

Itinuturing din nilang panginoon ang buwan na para sa kanila ay nagkakaloob ng buhay at kayamanan, ayon sa kanilang karanasan, ilang pagkakataon na itong nagkakaloob sa kanila ng mahabang buhay (*Codex Boxer* 420). Sa unang pagsulpot ng bagong buwan, sinasamba nila ito at humihingi sila ng mga kaloob tulad ng ginto at masaganang ani ng palay. Ang iba naman ay humihiling ng isang magandang babaeng mapapangasawa o kaya naman, matipunong lalaki para sa mga babae, samantalang ang iba, nagsusumamong pagkalooban ng mabuting kalusugan at pahabain pa ang buhay (*Boxer Codex* 435).

Ayon kay Morga (291), kanila ring sinasamba ang mga buwaya (ang ganitong uri ng paniniwala ay isang paraan sa pagtangkilik sa mga demonyo ayon kay Morga). Sa tuwing nakakikita sila ng buwaya, agad silang lumuluhod at ikinukurus ang kanilang mga kamay sa paniniwalang mapahuhupa nito ang kaniyang bangis at nang umiwas na rin ito o lumayo. Nabanggit

din ni Chirino (298) ang paniniwala ng mga ninuno sa mga buwaya. Mataas din ang kanilang pagpapahalaga at pagsamba sa mga ito at sa tuwing makakikita sila nito na lumulutang sa tubig, tinatawag nila itong “nono” na nangangahulugang kanilang ninuno. Nag-aalay rin sila ng basal upang hingin ang pagpanaog nito patungo sa kailaliman nang hindi ito makapanakot at makapanakit sa kanila, sa halip ay hamakin nito ang kanilang mga kaaaway o kalaban (*Boxer Codex* 435).

Ilan pang bagay ang kanilang sinasamba tulad ng mga bato, bahura, at talampas sa may tabing-ilog o sa baybayin (Chirino 128). Nag-aalay sila ng kung ano-anong bagay sa tuwing sila ay napadadaan at bumibisita sa mga lugar na ito. Inilalagay nila ito sa isang batong lalagyan ng mga alay. Inihalintulad ni Chirino ang kaugaliang ito ng mga sinaunang tao sa mga taga-Ehipto na sumasamba sa mga hayop at ibon, at sa mga taga-Asyria na naniniwala naman sa araw at buwan. Malaki rin ang kanilang pagpapahalaga sa kabanalan ng bahaghari.

Bahagi ng kanilang malalim na paniniwala ang kanilang pagsamba sa mga anito. Bilang pag-alaala sa mga kaanak na namatay, nagtatago o naglalagay sila ng ilang idolo sa kanilang mga bahay (Chirino 278). Ito ay maaaring gawa sa bato, kahoy, buto, garing, ngipin ng buwaya, o kaya naman sa ginto. Tinatawag nila itong “larauan” na ang katuturan ay idolo, imahen o estatwa. Dito sila nananalangin upang humingi ng kanilang mga pangangailangan at upang mag-alay ng mga sakripisyo (ito ay isang barbarikong gawain ayon kay Chirino). Sa kanilang pag-aalay ng sakripisyo, nagsasagawa sila ng mga rituwal na pinangungunahan kadalasan ng isang babaylan; ang pinakasentral na personahe sa dating lipunang Pilipino sa larangan ng kalinangan, relihiyon, at medisina at lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa penomeno ng kalikasan (Salazar, 6).

Malaki ang tungkulin ng babaylan sa larangan ng relihiyon ng mga sinaunang Pilipino (Salazar, 6). Isinalaysay ni Zeus A. Salazar sa kaniyang papel na “*Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas*” na inilathala noong taong 1999, ang iba’t ibang rituwal na isinasagawa ng babaylan tulad sa agrikultura. Katuwang din ng datu ang babaylan sa pagpapabuti ng ekonomiya. Siya ang tagapagtakda kung kailan dapat simulan ang paghahawan sa kagubatan at pagsunog upang mapagtaniman na ito. Iginagalang ang kaniyang kahusayan sa astronomiya at isinasangguni sa kaniya ang tamang panahon ng paghahanda sa pagtaniman sa

pamamagitan ng pagbasa sa mga bituin sa kalangitan.

Ang babaylan ay isang tungkulin sa lipunan, ayon kay Salazar (3). Subalit, karamihan sa gumagawa ng tungkuling ito ay mga babae. Ngunit, nabanggit sa Boxer Codex na may ilang lalaking babaylan na tinatawag nilang ayog o ayoguin. Ang mga ito, na tinatawag naman ng mga Tagalog na catalona ay nag-aalay ng mga dasal, pagkain, at inumin upang hilingin sa kanilang mga panginoon ang paggaling ng isang taong may sakit (420). Ang kanilang katungkulan ay maaaring manahin sa pamamagitan ng pag-aaral o pagkatuto sa mga rituwal na kaniyang ginagawa, sa pamamagitan ng malalim na ugnayan sa kaniya, at sa pamamagitan ng pagpapamana (Chirino 300-301).

Malaki ang tungkulin na ginagampanan ng mga babaylan sa pagpapanatili sa mayamang panitikan ng pamayamanan. Siya ang namamahala sa kabuoang mitolohiya ng kanilang bayan na nag-uugnay-ugnay sa mga pamayanan o barangay noong sinaunang panahon (Salazar 7). Napangangalagaan ang kanilang mga awiting may kinalaman sa kanilang pamumuhay na kanilang isinaulo at pinag-aralan mula pa sa kanilang pagkabata (Chirino 276). Inaawit nila ito habang naglalayag, nagtatrabaho, nagkakasiyahan, nag-aayuno, at higit sa laha, maririnig ito sa tuwing sila ay nagluluksa sa isang patay. Pagsasalaysay pa ni Chirino, ang mga awiting ito ay may kinalaman sa kanilang angkan o ninuno at sa gawa ng kanilang mga diwata (ang tawag sa kanilang mga diyos o panginoon), na pinaniniwalaan nilang pinakadakila sa lahat. Tinawatawag ito ng mga Tagalog na Bathala Mei-Capal na nangangahulugang tagapaglikha o panginoong maylikha at sa mga Bisaya naman ay Laon na ang ibig sabihin ay lumang panahon.

Ang awiting ito na pinahalagahan ng mga babaylan ay ang literaturang Pilipino sa panahong iyon na binibigkas o kaya nama'y kinakanta. Ang buong literatura ay nariyan sa sistema ng mitolohiyang bahagi ng kaalaman ng babaylan (Salazar, 14). Ayon kina Perez-Semorlan, et al. (60), karamihan sa mga ito ay nagpasalin-salin lamang sa pamamagitan ng salita ng tao tulad ng mga kuwentong-bayan na binubuo ng mito (tulad ng naibigay na halimbawa sa bahaging ito ng papel), alamat, salaysayin o pabula, mga karunungan-bayan tulad ng sawikain, kasabihan, bugtong, palaisipan, at mga awiting-bayan tulad ng kundiman, oyayi, kumintang, at iba pa.

Lahat ng mga uring nabanggit ay nagpapahayag ng buhay at pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino.

Naipakikita rin sa mga ito ang kalagayan ng lipunan o ang situwasyon ng mga tao noon. Kabilang sa mga taglay na kaisipan mula sa mga tulang ito, na bunga ng paghaharaya ng mga katutubo ay ang kanilang kasiyahan o ang kanilang paraan ng pagsasaya tulad ng mga pista o pagdiriwang dahil sa pagkapanalo sa digmaan o sa isang matagumpay na paglalakbay, pagluluksa dahil sa pagkamatay ng isang mahal sa buhay, pagpapahayag ng pagkagusto sa isang magandang dilag, pagpuri sa tagumpay na nakamit ng isang pinuno o mahalagang tao, at marami pang iba.

Tunay ngang mayaman ang panitikan ng ating mga ninuno, hindi man ito naisulat, nailabas naman nila ang kasiningang ito sa pamamagitan ng pagbigkas o pag-awit. Sinasalamon nito ang sinaunang lipunang mayroon tayo. Ang mga panitikang likha ng ating mga ninuno ay patunay na mayroon na tayong sariling sibilisasyon taliwas sa sinasabi ng ilang mga mananaliksik o historyador na utang natin ang kabihasnang mayroon tayo sa ating mga mananakop. Mayroon na tayong sariling sistema ng pamahalaan, pananampalataya, batas o patakaran, at mga tungkuling ginagampanan ng bawat miyembro ng pamayanan o banwa.

Iba-iba man ang naging reaksiyon ng mga dayuhang nakapagtala nito, isang bagay ang mahalaga, ito ay sariling atin at hindi ito impluwensiya ng mga kanluraning nanakop sa bansa. Katibayan ang mga ito ng katalinunahan, kasiningan, at pagiging sibilisado ng mga Pilipino sa sinaunang lipunan. Ang mga ito ay katibayan ng ating pagka-Pilipino o Kapilipinohan na nagbibigay sa atin ng pagkakakilanlan. Ito ang mga bagay na nararapat nating ibalik at maging batayan ng pamumuhay sa kasalukuyan upang lubos nating makilala ang ating mga sarili. Sa ganoon, magkakaroon tayo ng sariling kaakohan kung paano natin tatahakin ang landas tungo sa kaunlaran nang hindi sumasalig sa sinasabi ng iba o ng mga tagalabas o ng mga kanluraning pamantayan at kaisipang bunga ng mahabang panahon ng kolonyalismo.

Ang Dulot ng Kolonyalismo sa Lipunan at Panitikang Pilipino

Malaki ang naging pagbabago ng lipunan sa pagdating ng Espanyol sa ating lupain. Kasabay ng kanilang pagpapakilala sa mga kanluraning pananampalataya ay ang pagsakop din sa uri ng pamumuhay at sa pag-iisip ng mga Pilipino. Itinuro

sa kanila na ang kanilang kultura ay primitibo at mas mababa sa kultura ng mga mananakop (Jocano 60). Hindi pa sila nakuntento, inilarawan nila ang mga katutubong gawain bilang gawain ng demonyo at mga bisyo at tinawag pa ito sa ibang salitang naglalarawan ng pagiging hindi kaaya-aya ng mga ito bilang mga gawaing angkop sa mga tao. Paggigiit pa ni Jocano (61), ang kampanyang itong ginawa ng mga Espanyol ay isinakatuparan upang hugutin ang mga tao mula sa kanilang nakaraan, sirain ang kaayusan ng kanilang sistemang panlipunan, at ipagkait ang posibilidad ng magandang hinaharap sa pamamagitan ng pagpilay sa kanilang pakiramdam ng dignidad at pagpapahalaga sa mga pag-aaring kultural.

Ginamit ng mga Espanyol ang relihiyon upang iligtas daw sila sa mga demonyo o diyablo pero ang totoong pakay pala ay para sirain ang kapangyarihan ng mga datu at babaylan (Kimuell-Grabriel 21). Ayon kay Kimuell-Gabriel (17), ginamit nila ang mga datu bilang mga kolektor sa kanilang paraan ng pangongolekta ng buwis. Sa utos ng kolonyal na pamahalaan, ipinatupad nila ang mga imposisyong kolonyal at naging bahagi ng makinaryang nagpahirap sa mga mamamayan. Bumaba ang katungkulan ng mga datu, kung noon sila ang mga naghahari sa kanilang mga nasasakupan, ngayon sila ay naglilingkod na lamang sa mga dayuhang mananakop.

Ang mga babaylan naman, ayon kay Salazar (19), ay naging bahagi rin ng lipunang kolonyal. Ang ilan sa kanila ay nahikayat na sumapi sa bagong pananampalataya kaya ang iba ay naging bahagi na rin ng simbahan. Sila ay naging mga manang na tagaareglo ng prusisyon, tagadala ng mga bulaklak sa altar, at paminsan-minsan ay tagabigay ng mga dalagang tutulong sa pari sa gawain sa altar. Subalit, ayon pa kay Salazar, may iba din namang hindi nagpasakop at nagpatuloy sa kanilang mga kaalaman. Sila ay nanatili sa kanilang kinabibilangang pangkat-etniko na tinatawag nating “cultural communities” sa kasalukuyan. Inalis din ang karangalan at kabuhayan ng mga maharlika at timawa (Kimuell-Gabriel, 16). Sa bagong lipunang tatag ng mga mananakop, sila ay napabilang sa mga tagadahs sa mga sariling kababayan, ang iba’y hinamak at ginawang alipin ng mga Kastila na naging daan sa tuluyang pagkaparalisa sa dati nilang papel bilang mga mandirigma at bayani.

Marami ang naglaho sa ating alaala dahil na rin sa masamang epekto ng kolonyalismong Espanyol (Almario, 27). Paglalahad ni Almario (28), pilit itong binura ng mga misyonerong Espanyol dahil bahagi

ito ng paniniwalang pagano na nais nilang ipalimot sa mga sakop. Kabilang na sa mga kalinangang bayang pilit ipinalimot ay ang mayamang panitikan ng mga katutubo. Nawala ang mga kuwentong-bayan, kaalamang-bayan, awiting-bayan, at ilan pang mga anyo ng pabigkas na panitikan ng ating mga ninuno. Pagdidiin pa ni Almario, nawala ang halos lahat ng epikong-bayan sa mga Kristiyanisadong rehiyon dahil napalitan ito ng pasyon (ang patulang kasaysayan ni Kristo na nakagawiang awitin tuwing Mahal na Araw) at ng mga metriko romanse na pinalaganap ng mga misyonerong Espanyol. Nagpahayag minsan ang isang Amerikanong nadestino sa Mindanao ng kaniyang pagkalumbay dahil sa kawalan ng malasakit sa mga epikong-bayan (Laubach, 359-373; nasa Almario, 28):

This Darangan and the four others which the Moros sing have great historical importance. In fact, they are the only important survivals of the ancient Philippine civilization. The Spanish friars who followed Magellan to the Philippines were so zealous in stamping out paganism that they destroyed every ancient document and even almost succeeded in destroying the ancient alphabets. There is evidence that a large amount of this literature at one time existed, but among the Christian tribes none of it survived.

Ang akala namang kaginhawaang hatid ng mga Amerikano sa mga Pilipino ay nagdulot ng kabaliktaran nito. Patuloy nitong inilayo ang kalinangang Pilipino sa kaluluwa at kaisipan ng mga Pilipino. Isang malubhang problema ang ibinunga ng paggamit ng Ingles bilang wikang panturo sa ating sistema ng edukasyon ang pagsasantabi sa Akademya ng Panitikang Tagalog at iba pang panitikang naisulat sa wikang katutubo (Lumbera 202).

Ayon kay Lumbera (202), sa kaniyang sanaysay na “*Ang Kritiko at Historyador sa Lapit kay Balagtas*”, talaga ngang kalunos-lunos ang naging kapalaran ng ating panitikan nang mapasailalim ito sa kolonyal na paghahari ng dalawang imperyo sa kanluran. Saad pa ni Lumbera, kulang na kulang ang dokumentasyon ng mga manunulat at akdang nilikha sa wikang katutubo, kung mayroon man silang naitalang mga datos o kuro-kuro, kadalasan ay may kalakip itong panlalait at kung wala nama’y pahapyaw lamang ang pagkakabanggit. Nailigaw ang maraming manunulat na giniling ng sistema ng edukasyong kolonyal ng paniniwalang

ang mga pamantayang pang-estetika ay hiwalay sa kultura ng bayan at panahong pinanggagalingan ng mga ito. Kaya naman, paglalahad pa ni Lumbera, maraming manunulat kasama ang kanilang mga akda ang unti-unting nang naglalaho. Ang masaklap pa, ilang henerasyon ng kabataan ang naiwang walang kamuwang-muwang sa yaman ng pamanang pangkaisipan ng panitikang binansagang “bernakular” at halos ibinaon sa limot ng edukasyong kolonyal. Hindi eksaherasyong sabihin, ayon pa sa kaniya, na tinangkang burahin ng kolonyalistang pananalakay ang buong panitikan ng mga Pilipino.

Napag-iwanan ang Panitikang Pilipino lalo na ang panitikan sa mga rehiyon dahil sa pagdakila sa wikang Ingles bilang makapangyarihan sa anomang larangan. Unti-unting kinalimutan ang pabigkas na anyo ng panitikang minana pa mula sa ating mga kaapuy-apuyan, buti na lamang at may mangilan-ngilan pang matatandang miyembro ng pamayanang napagpasahan ng mga ito. Sa kaayusang kolonyal, ang kinilalang mga akda ay iyong mga isinusulat batay sa pamantayang kanluranin. Dapat kahalintulad ang pagsulat ng mga akda sa estilo nina Edgar Allan Poe, Henry David Thoreau, Emily Dickinson, Ernest Hemingway, at marami pang iba. Kaya naman, unti-unti na ring nag-ibang anyo ang mga akdang Pilipino, ang pagsulat ng tula, maikiling kuwento, dula, sanaysay at iba pa ay naaalinsunod na sa mga pamantayang ibinigay ng mga taga-Kanluran. Ang mga akdang malalathala ngayon sa mga kilalang imprenta at publikasyon na pumapasa sa pamantayan at gumagamit ng dayuhang wika ay siyang kikilalaning Panitikang Pilipino. Ang mga akda na naisusulat sa mga rehiyonal na wika o kaya naman sa Tagalog o mga akdang isinusulat ng ‘di kilalang manunulat at nalalathala lamang sa mga lingguhang magasin o diyaryo ay hindi na sakop nito. Ito ang naging simula ng pagkakaroon ng uri o klasipikasyon ng panitikan sa bansa, ang Panitikang *Elite* at Panitikang Pangmasa.

Ang Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan

Dahil sa mga pananakop na ito, sa impluwensiyang kanluraning dulot nito, iginigiit ni Renato Constantino (nabanggit sa Lumbera 111), na ang mga Pilipino ay nagkabukod-bukod ayon sa uri, at ang kasaysayang naisulat ay pinangingibabawan ng mga personaheng *elite* sa lipunan dahil ang mga nagsusulat ay kabilang sa naghaharing uri. Inilarawan niya ang kasaysayan

na inilatag sa kaniyang dalawang aklat na “*The Past Revisited*” na inilathala noong taong 1975 at “*The Continuing Past*” na inilathala naman noong taong 1978, ang kasaysayan ng mga Pilipinong nasa uring walang kapangyarihan dahil sa kawalan ng boses upang maiparinig ang kanilang kalagayan.

Ganito rin ang naging kapalaran ng Panitikang Pilipino. Mas napangibabaw ang mga likhang may impluwensiyang kolonyal dahil na rin sa pagbabago ng mga pamantayan sa pagsulat. Ang magandang likhang-sining ay yaong katulad ng mga gawa sa kanluran, ang magandang panitikan ay yaong may pagkakahawig sa porma at ideya ng mga Europeo o Amerikano. Kaya naman nakilala sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol ang mga likha ng mga ilustradong tulad nina Dr. Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, Marcelo H. del Pilar, at ilan pang mga Pilipinong manunulat na gumamit ng wikang Espanyol sa kanilang mga akda. At dahil sila ang mga pinalad na makapunta sa mga bansa sa Europa, sila ang nagkaroon ng oportunidad na makilala nang husto ang kanluraning kultura kasama na ang kanilang literatura, mga estilo ng pagsulat, at ang kanilang mga nalikhang akda ang ipinagkapuri bilang pinakamahuhusay na akdang Pilipino.

Samantala, noong panahon ng mga Amerikano, namukadkad naman ang mga akdang nasa wikang Ingles na likha nina Nick Joaquin, Jose Garcia Villa, N.V.M. Gonzales, at Francisco Arcellana. Ang mga likha nila ang bumubuo ngayon sa tinatawag na Panitikang Pilipino. Ang mga manunulat namang nababasa lang ang mga akda sa kanilang mga rehiyon ay hindi nakilala at hindi napag-aaralan sa mga kolehiyo at hindi rin napag-uusapan sa mga kumperensiya maging sa kanilang mga rehiyong kinabibilangan (Lumbera 197). Hindi sila nabigyan ng puwang sa pambansang literatura. Naging sukatan ng pagiging isang mahusay na akda ang pagkakalathala ng isang likha sa mga malalaking imprenta lalo na sa mga kilalang palimbagan sa Maynila o sa ilang sentrong lungsod.

Ito ngayon ang ipanunukala ko sa papel na ito, ang tatawaging “Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan,” na hango sa Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan ni Dr. Zeus Salazar. Ito, ayon kay (Navarro at Lagbao-Bolante 114), ay ang pagkakahati ng Kapilipinohan sa dalawang bahagi: ang kultura-at-lipunan ng akulturadong *elite* na ang wika ay Ingles-Amerikano, pagkatapos maging Kastila at ang kalinangan-at-lipunan ng bayan na ang pangkalahatang

wika ang ugnayan ay Tagalog o Filipino, habang sa kanayunan at mga lalawigan ay nananatili naman ang mga wikang rehiyonal na siyang pinag-uugatan ng kalinangang bayan.

Batay rito, hinahati ko naman sa dalawa ang Panitikang Pilipino: ang Panitikang *Elite* at ang Panitikang Masa na ilalarawan sa pigura sa ibaba. Ang una, ay matatawag ding “kulturang nasyonal” na nagmula sa Propaganda bilang resulta ng pagkakatatag ng “nacion” o “nation” sa pamumuno ng mga *elite* (Navarro at Lagbao-Bolante, 116). Ang pangalawa naman ay tinatawag na “kalinangang-bayan” bilang kinalabasan ng proseso ng pagkakabuo ng mga pamayanang Pilipino sa isang Bayang Pilipino, ang Inang Bayan ng Himagsikan 1896 (Navarro at Lagbao-Bolante, 116). Sa aking paghahati, nabibilang sa Panitikang *elite* ang mga kilalang awtor, ang pasulat na paraan ng panitikan, ang mga akdang nalathala sa malalaking palimbagan, ang mga akdang nasusulat sa wikang Espanyol o Ingles, ang mga akdang nakabatay o dulot ng kolonyal na kaisipan, at mga awtor na bumubuo sa tinatawag nilang “Pambansang Panitikan.” Sa kabilang banda, nabibilang naman sa Panitikang Masa ang mga akdang bernakular, mga akdang nalathala sa mga magasin lamang, panitikang pabigkas, akdang pamana ng mga sinaunang Pilipino, at mga manunulat ng mga rehiyonal na akda.

Mapapansin sa dayagram ang Kulturang Nasyonal na nabibilang ang Panitikang *Elite* ay pagpapatuloy lamang ng kulturang kolonyal ng mga kolonyalistang hinalinhan ng mga *elite* sa kapangyarihan (Salazar 123). Sa Panitikan, ito ay mga akdang ang midyum ay wikang Ingles o kaya nama’y Espanyol na ang diwang ipinahihiwatig ay hango sa kanluraning kultura. Ito rin ang panitikang may mataas na pagtingin sa mga taong nasa kapangyarihan kaya ito ang mabibigyan ng malaking puwang sa mga palimbagan o kaya naman sa mga pag-aaral ng literatura sa mga kolehiyo o unibersidad. Ang Kalinangang Bayan naman na kinabibilangan ng Panitikang Masa, ay nakaugat sa mga grupong etnolingguwistiko na ang batayang prehistoriko ay ang pangkabihasnang Austronesyano (Salazar 123). Ito ang mga akdang sasalamín sa sinaunang pamumuhay ng mga tao sa bansa tulad ng mga kuwentong-bayan, epiko, kaalamang-bayan, awiting-bayan, at iba pa.

Lahat ng mga akdang pampanitikang nabibilang sa ibabang hati ng Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan ay may Pantayong Pananaw. Ang paghaharaya ng mga manunulat o ng mga manlilikha nito ay bunga ng kanilang karanasan at kaisipan tungkol sa kanilang banwa o bayan o tungkol sa kanilang pakikisalamuha sa mga taong kasapi ng pamayanan. Kung gayon, sinasalamín ng mga akdang

Dayagram 1: Ang Dambuhalang Pagkakahating Pampanitikan

Panitikang Pilipino	Panitikang Elite	Mga akdang nasusulat sa Ingles o Espanyol Mga akdang nailathala o nailimbag sa malalaking palimbagan Panitikang Pasulat Mga kilalang awtor (Nick Joaquin, Jose Garcia Villa, N.V.M. Gonzales, atbp) Panitikang dulot ng kolonyal na kaisipan Pambansang Literatura Pinag-uukulang mambabasa: ELITE
	Panitikang Masa	Pinag-uukulang mambabasa: MASA Rehiyonal na Panitikan Panitikang minana sa mga sinaunang Pilipino Mga manunulat ng mga rehiyonal na akda Panitikang Pabigkas Mga akdang nailathala sa mga popular na magasin o diyaryo Mga akdang nasusulat sa Tagalog o bernakular

ito ang kanilang buhay, pamumuhay, at mga pangarap na magiging tulay o kaugnayan nila upang makabuo ng diskursong “Tayo,” “Ganito tayo,” “Ito tayo.” Ang interseksiyon ng lahat ng mga kaisipan sa mga akda mula sa iba’t ibang rehiyon ay mahalaga ngayon upang mabuo ang Pantayong Pananaw, ang magpapasibol ngayon ng ating orihinalidad bilang mga Pilipino, ang ating sariling panitikan, ang ating Pambansang Panitikan. Magagawa ito sa pagsusumikap na maisalin ang mga akda sa wikang pambansa (wikang Filipino), ang pananaliksik sa mga ito upang mabigyan ng espasyo sa usaping akademiko, ang paglalathala ng mga saliksik upang mabasa ng mga Pilipino sa iba’t ibang panig ng bansa, at ang paggamit nito sa pag-aaral o sa pagtuturo.

Bagaman, sa paglipas ng panahon, sa unti-unting pagbabago ng sistema ng edukasyon sa bansa, mas napalalakas pa ang pagkilala sa ilang akdang nasa uring pangmasa partikular ang mga akdang naisusulat sa wikang Tagalog o mga akdang nilikha ng ilang kinilalang awtor tulad nina Amado V. Hernandez, Jose Corazon de Jesus, Lope K. Santos, Liwayway Arceo, Iñigo Ed. Regalado, at marami pang iba, hanggang sa kasalukuyang manunulat tulad nina Fanny Garcia, Edgar Calabia Samar, Bob Ong, Ferdinand Jarin, Ricky Lee, Jerry Gracio, at iba pa. Sa kabila nito, patuloy naman sa pagtulog ang mga akda sa rehiyon, maliban na lamang sa ilang mga kilala na tulad nina Magdalena Jalandoni, Ramon Muzones, Iluminado Lucente, at iba pa na ilan sa kanilang mga akda ay napasama na sa ilang mga antolohiyang pampanitikan at ilan din naman sa mga teksbuk. Subalit, sa pagsabay ng teknolohiya, sa pagkababad ng mga mag-aaral sa mga gadget at social media, tila isa pa itong malaking sagabal sa pagsusulong ng makamasang panitikan. Maraming kabataan ngayon ang hindi nakakikilala na mayroon silang mayamang panitikan sa kanilang mga rehiyon, na may siday ang mga Samarnon at Leytenhon, na may rawitdawit ang mga Bikolnon, na may sugilanon ang mga Sebwano, na may mga tula at kuwentong nasusulat sa wikang Bisaya, Hiligaynon, Iloko, Kapampangan, Mëranao, at iba pa. Kung ito marahil ay hindi kilala sa kani-kanilang mga rehiyon, mas lalo ring hindi kilala ang kani-kanilang mahuhusay na makata o manunulat tulad nina Victor Sugbo at Norberto Romualdez ng Samar-Leyte, Herminigildo A. Vilorio ng Iloko, Kristian S. Cordero at Victor Nieves T. Nierva ng Bikol, at Alex de los Santos at John Iremil Teodoro ng Hiligaynon. Mas kilala pa ng mga kabataan

sa kasalukuyang panahon ang mga akdang kanluranin tulad ng *Harry Potter*, *Fifty Shades of Gray*, *Lord of the Rings*, *The Fault in Our Stars*, at ang manunulat ng mga ito. Sa halip na sila ay matututo sa kulturang Pilipinong kanilang kinagisnan, ibang mundo ang kanilang pinapasok at ibang kultura ang kanilang nauunawaan, daan upang tuluyan nilang kalimutan ang kanilang pagkatao at pagkakakilanlan.

Matagal na panahon ding hindi nabigyang-pansin o pagkilala ang panitikang katutubo o ang panitikan sa mga rehiyon ng bansa lalo na sa edukasyon o sa mga binabasang teksbuk sa Pambansang Panitikan. Kamakailan lamang ito kinilala ng Commission on Higher Education (CHED) sa kanilang Memorandum Order No. 59 Series of 1996 o ang tinatawag na “New General Education Curriculum. Dito isinasama sa anim na yunit ng mga asignaturang literatura sa kolehiyo ang pagtuturo sa panitikan sa mga rehiyon, nakasulat man ito sa katutubo o dayuhang wika. Layunin ng CHED na pangalagaan ang mga akdang pampanitikan at manunulat labas sa National Capital Region (NCR). Ang suliranin sa kakulangan ng pansin sa mga akda sa mga rehiyon ng bansa ay kinilala rin ni Bienvenido Lumera (Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan) na kulang ang puwang para sa mga rehiyon sa kaniyang mga naunang aklat o kalipunan ng mga akda tulad ng *Philippine Literature: A History and Anthology* na nalathala noong taong 1982 (Santos, 29). Kaya nga binuo niya ang kaniyang pangalawang aklat na *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions* noong taong 2001. Subalit hindi pa rin nakasasapat ang ilang kalipunan tulad nito upang katawanin ang mga rehiyon sapagkat ang mga akda lamang ng mga kilalang manunulat sa ilang rehiyon ang naisasama o ang tinatawag nilang canon. Karamihan sa mga akdang ito ay mula rin sa mga sentro ng mga rehiyon na mayroon nang malalaking palimbagan o may ilang malalaking unibersidad na naglalathala ng kanilang mga likha at bunga na rin ng mga isinagawang palihan sa pagsulat o may impluwensiya na rin ng estilo ng pagsusulat sa kanluran o sa ilang kilalang manunulat sa Maynila. Patuloy na napag-iwanan ang mga akda sa mga bayan, lalawigan o lokalidad na may sarili at kakaibang anyo na ang paraan ng paglikha ay minana pa sa kanilang mga kaapuy-apuyan. Lalo pa itong hindi mabibigyan ng espasyo sa kasalukuyan dahil sa pagpapatupad ng bagong Memorandum ng CHED, ang Memorandum Order No. 20 Series of 2013 o ang “General Education Curriculum: Holistic

Understandings, Intellectual and Civil Competencies”. Tinatanggal ang asignaturang Panitikan sa kolehiyo upang mabawasan ang bilang ng yunit ng mga general education courses. Hindi na mabibigyan ang mga Pilipinong mag-aaral sa kolehiyo na makilala pa ang kanilang mayamang panitikan at mas lalo na rin ang mga panitikan sa mga rehiyon o panitikang katutubo na siyang magpapakilala sa kanila sa kanilang tunay na pagkatao bilang mga Pilipino. Patuloy nitong sinisira ang kaluluwa ng bayan. Pagpapaliwang ng CHED at Department of Education (DepEd) ay dahil ibinaba ang ilang asignatura sa kolehiyo sa dagdag na dalawang taon sa Basic Education o sa Senior High School. Subalit ang malaking suliranin dito, sa halip na ituro sa mga paaralan sa wikang Filipino ang literatura o panitikan, mas pinipili ng mga institusyon lalo na ang mga pribadong paaralan na ituro ito sa wikang Ingles. Nagiging espasyo ito upang ituro ang mga akdang Pilipino na nasusulat sa wikang dayuhan sa halip na sa wikang Filipino. Nagiging puwang ito upang pag-aralan ang mga akdang naisulat ng mga Pilipinong manunulat sa Ingles sa halip ng mga manunulat sa wikang Filipino. Nakasalig din ang mga guro na nagtuturo sa asignaturang ito sa mga kilalang akdang itinakda ng DepEd o kaya ng mga akdang madaling mahanap sa mga teksbuk, sa mga aklat o kaya sa internet. Hindi naituturo ang mga akdang nagmumula mismo sa kanilang mga rehiyong kinabibilangan at wala ring panahon ang iba na magsaliksik ng mga akda ng magagaling na manunulat sa kanilang mga lugar.

Marami-rami na rin ang mga proyektong inilaan ng ilang mga ahensiya ng gobyerno upang paunlarin at pahalagahan ang panitikan sa mga rehiyon tulad ng pagbibigay ng grants sa pananaliksik, pagbuo ng mga kalipunan ng akdang isinulat ng mga manunulat sa rehiyon, at mga palihan sa pagsusulat. Nakapaglalathala ang Cultural Center of the Philippines (CCP) ng ilang edisyon ng ANI, proyekto sa pagbuo ng mga kalipunan ng akda mula sa iba’t ibang rehiyon. Nakapagpalimbag din ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ng ilang mga aklat-kalipunan tulad ng *Mantala Literary Journal* para sa mga akda sa Bikol at Kanlurang Bisayas *Patubas: Anthology of West Visayan Poetry 1986-1994* na pinamatnugutan ni Leoncio P. Deriada noong taong 1995, *Tinipigan: An Anthology of Waray Literature* na pinanutnugutan ni Victor N. Sugbo noong taong 1995, at ang *Haliya: Anthology of Bikol Poets and Poems* na pinamatnugutan ni Ma. Lilia Realubit. Mayroon pang ilang aklat na nailimbag ng

malalaking palimbagan sa Kalakhang Maynila tulad ng University of the Philippines Press, University of Santo Tomas Publishing House, Ateneo de Manila Press, at iba pa. Walang magiging saysay ang mga proyektong ito kung hanggang sa paglalathala lamang ng mga antolohiya o aklat at hindi bibigyang-pansin ang paggamit ng mga akdang ito sa pag-aaral o pagtuturo o kung hindi man sa pananaliksik. Ang paghaharaya ng mga manunulat ay mananatiling nasa mga pahina lamang ng aklat at hindi nito maaabot ang isipan ng mga mambabasa upang maliwanagan sila sa kulturang isinalaysay ng bawat titik, talutdtod o pangungusap. Mahalaga rin na maisalin sa wikang nauunawaan ng lahat at hindi lamang ng iilan, ang wikang Filipino, upang ang kaisipang ipinahihwatig ng bawat akda ay tumulay sa iba’t ibang bahagi ng kapuluan. Sa paraang ito, mapagtatanto natin na ang pagka-Pilipino ay hindi lamang tungkol sa kulturang kinamulatan natin sa ating lugar o ang napanonood sa telebisyon. Ang kulturang Pilipino ay pagkakaugnay-ugnay ng mga kultura mula sa iba’t ibang rehiyon ng ating bansa. Ang pagkakahabi-habi ng mga kaisipan mula sa mga akda o panitikan sa iba’t ibang rehiyon ay bubuo sa ating Pambansang Panitikan na siyang paghuhugutan ng ating pagkakakilanlan.

Hindi layunin ng papel na ito na patuloy na hatiin ang ating kalinangan, na patuloy na magkaroon ng pagkakahati maging sa ating panitikan. Ninanais nito na kilalanin ang lahat ng mga akda na siyang bubuo sa ating Pambansang Panitikan. Kung pagsasama-samahin lamang ang mga ito, ang katutubong panitikan, ang panitikan sa panahon ng kolonyalismo (maaaring nakasulat sa Espanyol, Ingles o kaya naman ay sa wikang Hapones), ang panitikan sa mga sentrong lungsod, at ang panitikan sa mga rehiyon, tiyak na magkakaroon tayo ng lubos na pag-unawa kung ano tayo bilang Pilipino at ano ang ating pagka-Pilipino. Hindi dapat maisantabi ang mga akdang bahagi at magiging bahagi ng kasaysayan sapagkat ito ang magsasalaysay sa mga nagaganap sa mga taong nabubuhay sa isang lipunan sa isang partikular na panahon. Mahalaga nga lamang, sa Pantayong Pananaw, na mabasa ang mga akdang ito sa wikang nauunawaan ng marami sa ating mga Pilipino. Kailangang maisalin sa wikang Filipino ang mga akdang nasusulat sa wikang banyaga o kaya naman sa mga wikang rehiyonal upang makabuo ng diskurso na walang napag-iiwanan o lahat na nakapagbabahagi sa ano mang talastasan. Noon pa sinabi ni Dr. Ernesto

Constanino na, “ang wikang [F]ilipino na itinaturo sa Departamento ng [F]ilipino at Panitikan ng Pilipinas ng UP ang dapat na maging medium na tipunan ng ating mga akda sa iba’t ibang wika, sapagkat batay ito o galing sa pinakamalaganap na wika sa bansa ngayon, mas malaganap kaysa wikang Ingles at patuloy pa sa mabilis na paglaganap (Abueg, 75). Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga ito sa wikang Filipino, magkakaroon ng bisa ang ating Pambansang Panitikan, ang maimpluwensiyahan ang mga Pilipino na magbago at sa mas malawak na epekto nito, ang pakilusihin ang mga tao upang baguhin ang lipunan. Ngunit mas mahalaga sana na mas matimbang ang ating pagtingin sa mga akdang katutubo o akda sa mga rehiyon ng bansa sapagkat dito nasasalamain ang ating Kapilipinohan na magandang salalayan upang lubos nating makilala ang ating sarili nang sa gayon

ay magkaroon ang ating bayan ng pagbabagong maka-Pilipino o pagbabagong isinasalang-alang ang kapakanan ng mga Pilipino.

Ang mga Pagpapahalagang Pilipino sa *Siday* Bilang Ugat ng Kapilipinuhan

Sinusuri rito ang isang siday (istandard ng kahulugan ng tulang Samarnon-Leytenhon), na pinamagatang “Ayat” (Hamon) na isinulat ni Eduardo S. Lingan. Isa itong tulang may temang politikal at sinusubok hikayatin o hamunin ng may-akda ang isang politikong binigyan ng pagtitiwala ng taumbayan o isang politikong inihalal sa isang puwesto na tuparin ang kaniyang mga pangako at maglingkod nang tapat at maayos hindi lamang sa kaniyang mga kakampi kundi maging sa mga taong hindi bumoto sa kaniya. Filipino ng mananaliksik)

Ayat

(ni: Eduardo S. Lingan)

I

*Yana kay natuman an mga ungara,
Pwesto nga ginhingyap imo man nakuha,
Ipatik ha dughan an mga panumpa,
Ikiwa an kamot dire la an baba.*

II

*Pagtapod sagrado hinin mga tawo,
Ayaw pagkawanga ngan ayaw igbalyo,
Personal interes, nga imo panuyo,
Bang' la magduruto kun gapil ha imo.*

III

*Ayaw na kita, kolor iba-iba,
Inin tratamento paprehua nala,
Ha mga kakampi o mga panguntra,
Pagsirbi hul-usa, pagdumot paraa.*

IV

*An lara nga dara hinin piniliay,
Aton na limuton, aton na isikway,
An gitipa-tipa ngan uruaway,
Aton na balyuan hin pagkaarangay.*

Hamon

(Malayang pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Ngayo'y natupad na ang iyong mga hangarin,
Pwestong hinangad iyo nang nakamit,
Itatak sa puso ang mga pangakong sumpa,
Ipakita sa gawa huwag lang sa salita.

Tiwalang sagrado sa'yo'y ipinagkaloob,
Huwag sasayangin, huwag ipagpapalit,
Personal na interes, na iyong layunin,
Baka ang kasipagan, sa sarili lang gamitin.

Huwag pansinin kung kulay ay iba-iba,
Serbisyong bigay sa lahat ialay nang pantay
Sa mga kakampi o sa mga kontra
Maglingkod nang tapat, hinanakit ay kalimutan na.

Ang sakit na dala nitong halalan,
Atin nang limutin, atin nang pakawalan,
Ang pagkakawatak-watak at di pagkakaunawaan
Atin nang palitan ng pagkakaintindihan.

V

*Ugrupod pagpitad ha aton paglakat,
Inin kabubwason ha at naghuhulat,
An pagkaurosa akon man pag-aghat,
Tikus nga ungara, hul-os ko nga AYAT.*

Ang unang saknong ng tula ay malinaw na malinaw na kakikitaan ng pagpapahalaga, ito ay ang **pagtupad sa pangako**. Pinahahalagahan ng mga Samarnon ang pagkakaroon ng palabra de honor o pagkakaroon ng isang salita. Inaasahan nila na ang mga politikong kanilang inihahalal sa puwesto ay magiging tapat sa mga salitang kanilang binitawan sa panahon ng pangangampanya. Mabilis mawalan ng tiwala ang mga Samarnon o kaya naman nagtatanim sila ng “dumot” (hinanakit) sa mga taong walang isang salita. Laging batayan ng mga Samarnon ang katapatan ng isang taong naglilingkod sa pamahalaan kung nagagawa ba nila ang mga bagay na kanilang ipinangako. Mataas ang paghanga nila sa mga pinuno na may taos-pusong pagseserbisyo sa tao tulad ng mga alkalde, konsehal, kapitan sa barangay at kagawad, pinuno ng iba’t ibang kagawaran at opisina, prinsipal at superbisor sa mga paaralan at iba pang nasa katungkulan. Pinahahalagahan nila ang mga taong may malinis na imahen sa pamamagitan ng pagbibigay ng espesyal na atensiyon sa tuwing may okasyon. Halimbawa sa isang sayawan, binibigyan nila ng pagkilala ang tao sa pamamagitan ng pagpapasayaw sa kaniya ng “Kuratsa” (isang katutubong sayaw ng mga Waray na kilala pa rin hanggang ngayon). Ipinapares sa kaniya ang isang kilala at iginagalang na tao sa kanilang pamayanan.

Ang paghanga at pagtitiwala ng mga tao sa isang indibiduwal na may mataas na katungkulan ay nakabatay sa kaniyang katapatan sa serbisyo. Kaya maingat ang isang politiko o pinuno sa bayan sa kaniyang mga sinasabi at ipinangangako, sapagkat tinitingnan nang maigi ng mga tao mula sa ibang partido o ng mga kontra sa kaniya kung naisasagawa niya ang mga salitang nagmumula sa kaniyang bibig. Madalas sabihin ng mga Samarnon na, “*Himu-a it imo mga yakan*” (Gawin ang iyong sinasabi). Naniniwala ang mga Samarnon na kung nais magtagal ng isang tao sa politika, kinakailangang maging matapat siya sa tungkulin at dapat laging may isang salita.

Mga paa’y sama-samang ihakbang,
Ang kinabukasan sa atin ay nag-aabang,
Pagkakaisa ang aking pagsusumamo,
Tunay na hangarin, lubos kong HAMON.

Sa ikalawang saknong, binibigyang-tuon naman nito ang **pagtanaw ng utang na loob**. Isa itong pagpapahalagang hindi nawawala sa mga Samarnon na kapag may ginawang kabutihan ang isang tao ay kailangang suklian din pagdating ng situwasyon na sila’y mangailangan bilang pagtanaw ng “*utang nga kaburut-on*” (utang na loob). Sa Samar, inaasahan ng mga tao ang tiwalang kanilang ipinagkaloob sa isang taong kanilang ibinoto o inihalal sa isang puwesto at umaasa silang maibabalik sa kanila ang tiwalang ibinigay sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila nang tapat. Itinuturing nila ang kanilang boto na sagrado kaya’t nag-iingat sila sa pagpili ng kandidatong mapagkakatiwalaan, kahit hindi pa nila ito lubos na kilala, hindi kamag-anak o kaibigan basta’t tapat ang hangarin para sa kapuwa at sa bayan.

Mahalaga rin ang pagtanaw ng utang na loob ng isang anak sa kaniyang mga magulang dahil sa mahabang panahong pag-aalaga sa kanila. Kaya ang isang anak na malayo ang nararating sa buhay o nagtatagumpay ay hindi nakalilimot na suklian ang pagpapakahirap ng kaniyang mga magulang. Tulad ng isang kantang Samarnon, “*Hira nanay, tatay di ko babayaan kay dako nga buot an akon inutang. Kun pagsusumahon an siyam ka bulan nga pagdinadara-dara ni nanay han iya tiyan.*” (Sina nanay at tatay ay di ko iiwanan dahil malaki ang aking utang na loob sa kanila na hindi mababayaran tulad ng pag-aaruga sa akin ni nanay sa loob ng kaniyang sinapupunan). Dahil sa lubos na pagmamahal ng isang anak sa kaniyang mga magulang, kapag dumating ang araw na sila’y matanda na, laging tinutupad ng anak ang pagsisilbi sa kanila bilang pagtanaw ng utang na loob at responsibilidad. Tumatanaw rin ang mga Samarnon ng utang na loob sa kalikasan dahil sa kayamanang ibinigay nito tulad ng isang bukal na nagbibigay sa kanila ng maraming pakinabang. Sinusuklian nila ito ng pag-aalaga sa pamamagitan ng pagpapanatiling malinis nito.

Isa pang pagpapahalaga ang makikita sa tula. Ito ay ang **pagkakasundo-sundo o pagkakaisa**. Pagkatapos ng ilang araw na pagbabangayan at hindi pag-uusap-usap dulot ng magkakahiwalay na paniniwala tuwing eleksiyon, sinisikap ng mga Samarnon na unti-unting magkaunawaan at muling magkaroon ng maayos na relasyon ang bawat isa. Sinisikap ng nagwaging partido ang makipag-ayos sa kalaban na nauuwi sa kamayan at tawanan. Maliwanag itong nakapaloob sa dalawang saknong ng tula ni Lingan. Pinalilipas muna nila ang ilang araw upang mapag-isipan at hilumin ang sugat at sakit na dulot ng hindi pagkakasundo-sundo dahil lamang sa eleksiyon. Ang magkakaibigang hindi nagpapansinan ay muling nagkakapalitan ng ngiti, ang mga magkakamag-anak na hindi nagkakausap-usap ay muling nagkukumustahan, at ang magkakapamilyang hindi nagkikibuan ay muling nagkakayakapan. Mas mahalaga sa kanila ang relasyon sa isa't isa kaysa sa mga materyal na bagay tulad ng mga hangarin sa politika kaya't ang mga nanalo at maging ang mga hindi pinalad sa eleksiyon ay nagkakaisa para sa ikauunlad ng bayan.

Makikita rin ang pagkakaisa sa kanilang pamayanan sa tuwing may kasalan. Naghahanda hindi lamang ang pamilya ng ikakasal kundi ang ilang mga kapitbahay sa paghahanda ng tolda sa pagdarausan ng kasal, pag-iihaw ng baboy at kalabaw, pagdedekorasyon, pagluluto ng mga putaheng handa sa kasal, paghuhugas, paglilinis, at iba pang gawain. Ang pagpapahalagang Pilipinong ito ay makikita rin kapag may isang pamilyang namatayan. Nagtutulon-tulong ang lahat na magpahiram ng mesa at upuan, pagtatayo ng tolda sa labas ng bahay, at pag-aalok ng pagkain at kape sa mga nakikilamay.

Sa kabuoan, ang mga pagpapahalagang Pilipinong natukoy sa siday, ang pagtupad sa pangako, pagtanaw ng utang na loob at pagkakasundo-sundo o pagkakaisa, ay nagpapakita ng natatanging pagkataong nagbibigay ng kanilang sariling identidad bilang mga Samarnon at Pilipino. Ito ay bahagi ng kanilang kulturang patuloy na naisasalin-salin sa iba't ibang henerasyon na pinagmumulan ng kanilang mabubuting damdamin at kaisipan na narapat panatilihin buhay bilang saligan sa pag-abot ng kanilang mga hangarin sa buhay. Ito ang bakas ng Kapilipinohang dapat nating dinarakila bilang mga Pilipino at hindi ang mga pagpapahalagang matagal na ikinabit sa ating pagkatao tulad ng pagiging tamad, Filipino time, ningas cogon, crab mentality, mañana habit, bahala na, at kung ano-ano pa. Ang

mga pagpapahalagang Pilipinong ito ang siyang paghuhugutan ng tibay at pagmamalalaki na kaya ng mga Pilipinong gumawa ng sariling landas, kayang tumayo sa sariling mga paa, at kayang magdesisyon para sa sarili at para sa bayan. Ang mga bakas na ito ng ating Kapilipinohan ang magpapakilala sa atin bilang mga Pilipino at ito ang pagsisimulan ng ating tiwala sa sarili at sa sarili nating kaakohan.

Ang mga pagpapahalagang Pilipinong ito ay maaaring makita rin sa iba pang mga akda mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Ito ay magsisilbing tulay o koneksiyon sa kapuwa. Taglay ang mga bakas na ito na bubuo sa kaisipang lantad na sa mga akdang Pilipino. Pinatutunayan na rin sa iba pang mga pag-aaral na nagtataglay rin ng mga pagpapahalagang Pilipino ang mga akda mula sa ibang bahagi ng bansa tulad sa pananaliksik ni Regina Plaza-Galigao na *Filipino Values in Selected Cebuano Folklore: Basis for a Proposed Course Syllabus* noong taong 1997, sa tesis ni Ruschelle G. Ben na *Buhay at Akda ni Leona Florentino: Implikasyon sa Edukasyon* noong taong 2012, sa pag-aaral ni Aileen Joy R. Rosario na *Analysis of Selected Iloko Poems by Godofredo S. Reyes* noong taong 2009, at ang pagsusuri sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa maiikling kuwentong Iloko na isinagawa ni Maria Ines D. Battad noong taong 2007 na may pamagat na *Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwentong Iloko sa Taong 2001-2005*.

Ang kulturang ito, tulad ng paglikha at pagbigkas ng mga siday na nakaugat pa sa pinagmulan ng ating lahi, ay isang pamanang dapat bigyan ng puwang sa pamamagitan ng paggamit nito. Maaaring bilang batayan ng mga guro, tagapamuno ng mga paaralan at tapapagdebelop ng kurikulum sa pagpapasya ng mga tekstong gagamitin ng kanilang mga estudyante sa pag-aaral ng Filipino, Panitikan, at Kasaysayan. Narapat ring bigyang-tuon sa paggamit ng mga akdang ito ang mga pagpapahalagang Pilipinong nakapaloob upang mapanatiling buhay o naisasabuhay ang mga ito bilang bahagi ng kanilang kultura, na bakas ng ating Kapilipinohan. Iminungkahi rin sa mga guro at tagapamuno sa mga paaralan sa bayan, lalawigan o rehiyon na pagtibayin pa ang kultura ng pagsusulat ng mga akda upang mapanatili ang kaugaliang ito at malinang sa mga kabataan ang kanilang pagiging malikhain sa pagsulat gamit ang kanilang unang wika. Isa pang maaaring gawin ay ang pagsasagawa ng mga hakbang o pagbuo ng patakaran o ng isang organisasyon na tutuon sa pagpapahalaga at pangangalaga ng mga

likhang-sining na matatagpuan lamang sa kanilang lugar tulad ng mga pasalindilang panitikan.

Pagsusulong ng Isang Panitikang Pambansa

Mahalaga ngayon ang tungkulin ng mga guro at ng mga pinuno sa mga institusyong akademiko sa usapin ng pagsusulong ng isang panitikang pambansa. Isang paraan nito ay ang pagkilala sa panitikang rehiyonal bilang pagdulog sa panitikan ng bansa hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa aktuwal na pagbubuo ng kurikulum (Lumbera, 138). Kailangan nating makabuo ng isang kurikulum na magbibigay ng pagkakataong maipasundayag ang mga akdang isinulat sa ating mga rehiyon nang sa gayon ay malaman ng mga mag-aaral ang panitikan ng kanilang bayan na lapat sa kanilang kaisipan at karanasan. Sa ganitong paraan, ayon kay Lumbera (138), mapayayabong natin ang panitikang Sebuwano, Lineyte-Samarnon, Ilokano, Hiligaynon, Kapampangan, at iba pa, at magkakaroon ng unti-unting pagkabuo sa tiyak na pagkakaunawa sa kabuoan ng ating panitikan. Gamitin natin sa ating pagtuturo ng panitikan o ng kahit ano mang asignatura ang mga akdang minana pa natin sa ating mga ninuno o isinusulat ng mga manunulat sa ating mga rehiyon. Ito ang tanging paraan upang mas sumigla ang panitikan sa ating mga lokalidad. Nararapat na mas paunlarin pa ang pananaliksik at pagsusuri sa mga ito upang magkaroon ng malawak na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang sariling panitikan. Mahalaga rin ang pagsasalin sa mga ito sa wikang nauunawaan ng lahat ng mga Pilipino upang makita natin ang pagkakaugnay-ugnay ng mga kaisipan at nang sa gayon at magkaroon tayo ng buong pag-unawa sa Panitikang Pambansa.

Kung ninanais nating maging matatag bilang isang bansa, kailangang balikan natin ang ugat ng ating pagkakakilanlan. Kailangang maibalik natin ang ating sariling dangal bilang mga Pilipino sa pamamagitan ng dekolonisasyon o ang pag-alis sa sistema at pamantayang banyaga o kanlurin sa pagbuo ng mga likha at sa pag-aaral ng ating panitikan. Sabi nga ni Leny Strobel (nabanggit ni Mabanglo 84):

To decolonize is to tell and to write one's own story, that in the telling and writing, others may be encouraged to tell their own.

Sa pamamaraang ito, sa pagsulat, pagbasa, pagsuri, pag-aaral, at pananaliksik ng mga akdang lapat sa ating tunay na pagkatao bilang mga Pilipino, maipahahayag natin ang damdamin at kaisipang tagos sa mga Pilipino. Makahihikayat din ito lalo na sa mga manunulat sa ibang mga rehiyon na ipagpatuloy ang pagsulat ng mga akdang gamit ang kani-kanilang wikang nagpapakita ng kanilang buhay at pamumuhay. Sa ganitong paraan, sa pagtangkilik ng mga akdang mula sa iba't ibang panig ng kapuloan, maiguguhit natin ang isang panitikang saklaw ang buong Kapilipinohan, na magiging kabuoan ng ating Pambansang Panitikan at daan upang isulong ang pagkakaisa ng lipunang Pilipino.

Walang mawawala sa atin sa pagtuklas at pagbuo ng pinakamararangal at inspiradong imahen ng ating sarili (tulad ng mga inihahayag sa mga akdang pampanitikan), na siyang haligi ng pambansang pagkakaisa. Naghahain ang ating mga akda ng pinakamalinaw na salamin kung sino tayo bilang mga tao, inilalahad nito ang pinakamalalim na diwa nating mga Pilipino. Sa pamamagitan nito, magkakaroon tayo ng pag-aangkin na ang bawat likhang-sining ng mga Pilipino sa lahat ng dako ng bansa ay sariling atin, ating panitikan. Pagpapatibay pa ni Perez-Semorlan, et al. (82), ito ang magiging daan tungo sa pag-unawa natin sa mga katangian ng ating pagkatao, sa pagtalos natin kung sino tayo, kung ano ang ating kaangkinan; at sa paglilimi natin kung ano ang dapat gawin upang mapanatili ang magandang kaangkinang yaon na siyang tatak ng kadakilaan ng ating lahi.

SANGGUNIAN

Mga Aklat

- Almario, Virgilio S. *Tungkulin ng Kritisismong Filipino. Ako sa Loob at Labas ng Bayan*, edited by Edgar Calabia Samar. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2016. Print.
- Chirino, Pedro. *Relation De las Islas Filipinas: The Philippines in 1600*. Manila: Historical Conservation Society, 1969. Print.
- De Leon, Felipe Jr. M. *Kultural na Identidad at Pag-unlad. Ako sa Loob at Labas ng Bayan*, edited by Edgar Calabia Samar. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2016. Print.
- Jocano, Landa F. *Marapat na Nakaugat ang Bisyon ng Hinaharap sa Larawan ng Nakalipas. Ako sa Loob at Labas ng Bayan*, edited by Edgar Calabia Samar. Manila:

- Komisyon sa Wikang Filipino, 2016. Print.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. *Ang Timawa Sa Kasaysayang Pilipino*. Diliman, Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999. Print.
- Lumbera, Bienvenido L. *Sa Pagdulog ng Kritikong Pilipino sa Panitikan Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- . *Ang Buhay Ko Bilang Kritiko at Historyador ng Panitikan. Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- . *Ang Kritiko at Historyador sa Lapit kay Balagtas. Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- . *Dating: Panimulang Muni sa Estetika ng Panitikang Pilipino. Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- . *Introduksiyon. Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- . *National Literature and the 'National' Award for Literature. Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2017. Print.
- Mabanglo, Ruth Elynia S. *Mga Nota sa Aking Talaarawan (O Kung Bakit Ako Sumusulat ng Tula) Essays on Philippine Language and Literature*, edited by Ruth Elynia S. Mabanglo and Rosita G. Galang. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2010, pages.
- Morga, Antonio, at José Rizal. *Sucesos De Las Islas Filipinas*. Quezon City: R. Martínez, 1958. Print.
- Navarro, Atoy, and Flordeliza L. Bolante. *Mga Babasahin Sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Quezon City: Published and distributed by C & E Pub, 2007. Print.
- Perez-Semorlan, Teresita, et al. *Ang Panitikan at Kulturang Pilipino*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2014, Print.
- Salazar, Zeus A. *Ang Babaylan Sa Kasaysayan Ng Pilipinas*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999. Print.
- . *Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan*. Navarro, Atoy, and Flordeliza L. Bolante. *Mga Babasahin Sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Quezon City: Published and distributed by C & E Pub, 2007. Print.
- Scott, William H. *Looking for the Prehispanic Filipino and Other Essays in the Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers, 1992. Print.

Mga Dyornal

- Abueg, Efren. *Dagdag na Panukala sa Pagbubuo ng Panitikang Pambansa*. Malay, vol. 3, no. 2, 1984, pp. 73-81. Web.
- Quirino, Carlos at Mauro Garcia. The Manners, Customs and Beliefs of the Philippine *Inhabitants of Long Ago*. *The Philippine Journal of Science*, vol. 87, no. 4, 1958, pp. 325-453. Print.
- Santos, Paz Verdades. *Panitikang Bikol at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa*. Malay, vol. 30, no. 1, 2017, pp. 28 – 37. Web.

Di-Limbag na Tesis o Disertasyon

- Battad, Maria Ines. *Pagsusuri ng mga Piling Maikling Kwentong Iloko sa Taong 2001-2005*. Tesis. University of Northern Philippines, 2007. Print.
- Ben, Ruschelle. *Buhay at akda ni Leona Florentino: Implikasyon sa edukasyo*. Tesis. University of Northern Philippines, 2012. Print.
- Galigao, Regina. *Filipino Values in Selected Cebuano Folklore: Basis for a Proposed Course Syllabus*. Tesis. University of San Jose – Recoletos, 2017. Print.
- Nibalvos, Ian Mark. *Pagpapahalagang Pilipino sa Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar*. Tesis. De La Salle University – Dasmariñas, 2018. Print.
- Rosario, Aileen Joy. *Analysis of Selected Iloko Poems by Godofredo S. Reyes*. Tesis. University of Northern Philippines, 2009. Print.

Mga Dokumento

- Commission on Higher Education. Memorandum Order No. 59 Series of 1996. New General Education Curriculum. Web. 3 Enero 2020.
- . Memorandum Order No. 20 Series of 2013. General Education Curriculum: Holistic Understanding, Intellectual and Civic Competencies. Web. 3 Enero 2020.